# Ang sumpa ni Allāh ay sa mga Hudyo at mga Kristiyano. Gumawa sila sa mga libingan ng mga propeta nila bilang mga sambahan

Ayon kina `À'ishah at `Abdullāh bin `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsasabi: {Noong bumaba ang paghihingalo sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), nagsimula siyang nagtatakip ng isang tela niya sa mukha niya. Kapag naghabol siya ng hininga dahil dito, nag-aalis siya nito sa mukha niya; saka nagsabi siya habang siya ay ganoon: "Ang sumpa ni Allāh ay sa mga Hudyo at mga Kristiyano. Gumawa sila sa mga libingan ng mga propeta nila bilang mga sambahan." Nagbibigay-babala siya sa ginawa nila.}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpapabatid sa atin sina `À'ishah at `Abdullāh bin `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nang dumalo sa Propeta (malugod si Allāh sa kanya) ang pagpanaw, nagsimula siyang naglalagay ng isang piraso ng tela sa mukha niya. Kapag humirap sa kanya ang paghinga dahilan sa hapdi ng paghihingalo, nag-aalis siya nito sa mukha niya. Nagsabi siya sa gayong matinding kalagayan: "Sumpain ni Allāh ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano at itaboy Niya sila mula sa awa Niya." Iyon ay dahil sila ay nagpatayo ng mga sambahan sa ibabaw ng mga libingan ng mga propeta nila. Kung sakaling hindi dahil sa pagkapanganib ng usapin, hindi sana Siya bumanggit nito sa tulad ng katayuang ito. Dahil dito, sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Kalipunan niya laban sa pakikiwangis sa gawaing iyon dahil iyon ay kabilang sa gawain ng mga Hudyo at mga Kristiyano at dahil iyon ay isang pagsasadahilang umaabot sa pagtatambal kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan).

https://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3330

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee